

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Banga ng Langis

2 Hari 4:1-7

Ang Kasaysayan...

Nakita ni Eliseo na ang babaeng balo ay nagdadalamhati. Nagpatirapa ito sa mga paa ng matandang propeta at humikbi, “Ang pinagkakautangan ko ay darating para kunin ang aking dalawang anak na lalaki upang maging kanyang alipin!” Ang asawa ng babae ay namatay nang hindi inaasahan at iniwan siyang may malaking pagkakautang. Sa kapanahunan ng Biblia, ang may pautang ay may karapatang kunin ang mga ari-arian at kahit ang mga anak ay maaaring maging kabayaran kung ang pamilya ay hindi makababayad sa inutang. (Job 24:9)

“Anong mayroon ka sa iyong tahanan?” ang tanong ni Eliseo sa nababatisang ina.

“Wala po akong anoman maliban sa banga ng langis. Unti-unti niyang ibinibigay ang kanyang mga kasangkapan—at mahahalagang mga bagay sa malupit na pinagkakautangan hanggang sa wala nang natira kundi ang kanyang dalawang anak at banga ng langis. Ang langis ng Olibo ay itinuturing na pinakamahalagang sangkap. Ito ay ginagamit sa ilawan, pagpapainit, pagluluto at pagpapagaling.

Sinabi ni Eliseo sa balo at kanyang mga anak na manghiram ng mga bakanteng banga sa kanhlang kapitbahay. Daihin nila ito sa bahay at isara ang pinto at lagyan ng langis ang mga bakanteng lalagyan. Ginawa nila ang iniutos ni Eliseo, at may nangyaring kahangahangang himala. Ang langis sa maliit na lalagyan ay patuloy na umaagos hanggang sa mapuno ang lahat ng lalagyan na nasa kanilang tahanan.

“Ano ang ating gagawin?” ang tanong ng babaeng balo sa propeta.

“Ipagbili mo ang langis, at bayaran mo ang iyong pagkakautang, at ikaw at ang iyong mga anak ay mabubuhay sa nalalabing langis. Ang babaeng balo ay iniwan si Eliseo na malaya at nagagalak dahil sa himala ng langis.

Nais ng Panginoon na ikaw ay lumaya rin sa malupit na pinagkakautangang si Satanas. Ang himala ay mangyayari kung pupunan Niya ang iyong mga tapayan upang umagos ang Kanyang langis.





Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sa Biblia, saan kumakatawan ang tapayan at ang langis?

- Gawa 9:15 *Datapuwa't sinabi sa kaniya ng Panginoon. Pumaroon ka: sapagka't _____ ay _____ sa akin.*
- I Samuel 16:13 *Nang magkagayo'y kinuha ni Samuel ang sungay ng langis, at pinahiran siya sa gitna ng kanyang mga kapatid: at ang _____ ng Panginoon ay makapangyarihang sumama kay David.*

PALIWANAG: Ang Biblia ay nagtuturo na ang Dios ang pinagmulan at tayo ang mga sisidlang lupa (Jeremias 18:1-6; Romans 9:20-21). Tayong lahat ay ginawang may layunin. Ang langis ay ginamit sa Biblia na kumakatawan sa Banal na Espiritu. Ang purong langis ng Olibo ay ginagamit upang patuloy na magliwanag ang mga ilawan sa templo ng mga Hebreo upang ipakita kung paano ang Banal na Espiritu ay nagliliwanag sa ating mga isip. Nais ng Dios na punan ang kanyang bayan ng Kanyang Espiritu (Joel 2:28).

2. Ang Banal na Espiritu ba ay makataong lakas, o Siya ay Dios?

Gawa 5:3, 4 *Datapuwa't sinabi ni Pedro, Ananias, bakit pinuspos ni Satanas ang iyong puso upang magsinungaling sa _____? ... hindi ka nagsinungaling sa mga tao, kundi sa Dios.*

Efeso 4:30 *At huwag ninyong _____ ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo'y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagtubos.*



PALIWANAG: Ang alagad na si Pedro ay nagpahayag na ang pagsisinungaling sa Banal na Espiritu ay pagsisinungaling sa Dios. Kaya nga, sinabi sa atin ni Jesus na magpabautismo sa pangalan ng Ama, Anak at ng Banal na Espiritu (Mateo 28:19,20). Nagtuturo ito na ang Banal na Espiritu ang ikatlong persona ng Kadiosan, na nagsasabing kapantay ng Ama at ng Anak. Ang Biblia ay nagpapahayag din na maaari nating hikbian ang Espiritu, nagpapatunay na mayroon Siyang damdamin. Hindi lamang Siya karaniwang kapangyarihan. Sa kasulatan ang Banal na Espiritu ay tagapagsangalang, Espiritu ng katotohanan, Espiritu ng Panginoon, Pitong Espiritu ng Dios, at Espiritu. Lahat ng Pangalang ito'y nagaangkin ng personalidad.

3. Ano ang pangunahing tungkulin ng Banal na Espiritu?

Juan 16:13 *Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng Katotohanan ay dumating, ay _____ niya kayo sa buong katotohanan... at Kaniyang _____ sa inyo ang mga bagay na darating.*

Job 14:26 *...Siya ang _____ sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalala ng lahat na sa inyo'y Aking sinabi.*

PALIWANAG: Ipinangako sa atin ni Jesus na Siya'y laging sumasaatin; at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu Siya'y tumatahan at sumasaatin.

4. Ano ang isang kasalanan na hindi mapapatawad?

Mateo 12:32 *At ang sinomang magsalita _____ sa Banal na Espiritu, ay _____ sa kanya.*

PALIWANAG: Ang pamumusong laban sa Banal na Espiritu ay hindi isang kasalanan lamang, kundi patuloy na pagtangga sa katotohanan na nagbubunga ng pagtangga sa kalooban ng Dios (Hebreo 10:26,27). Ang kalooban ay tumitigas kapag ang isang tao ay paulit-ulit na tumututol at tumatanggi sa Banal na Espiritu hanggang sa hindi na niya marinig ang Kanyang tinig.

5. Ano ang ilan sa mga kaloob ng Banal na Espiritu na matatanggap ng isang tao?

1 Corinto 12:8-10 *Sapagka't ang isa sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng _____; at sa iba'y ang salita ng _____ ...; Sa iba'y _____ ...; at sa iba'y ang kaloob ng _____ sa iisang Espiritu. At sa iba'y ang mga paggawa ng mga _____; at sa iba'y _____; at sa iba'y ang pagkilala sa mga Espiritu; at sa iba'y ang _____; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika.*

PALIWANAG: Kapag ang Banal na Espiritu ay pumasok sa ating buhay, Siya'y nagdadala ng iba't-ibang kaloob. Hindi lahat ay tumatanggap ng parehong kaloob (1 Corinto 12:29-31). Palaging binibigyang diin ng kasulatan ang kahalagahan ng mapuspos ng Banal na Espiritu. Itinuro ni Jesus sa Juan 3:5 na "Maliban na ang tao'y ipanganak na muli ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios." Malungkot, na ang Banal na Espiritu at ang kanyang gawain ay palaging hindi nauunawaan. Ang iba ay naturuan na ang Banal na Espiritu ay kapangyarihang personal; ang iba ay itinatangi ang impluwensya sa araw-araw na pakikisalamuha. Ang iba nama'y naturuan na ang sinomang napuspos ng Espiritu Santo ay dapat na magsalita ng iba't-ibang wika.

6. Aling Espiritual na kaloob ang nagiging dahilan ng pag-uusap ng Iglesia sa Corinto?

1 Corinto 14:1,2 ... *pakanasain ang mga kaloob na ayon sa espiritu, nguni't lalo na ang kayo'y mangakapanghula. Sapagka't ang nagsasalita ng _____ ay hindi sa tao nagsasalita kundi sa Dios.*

PALIWANAG: Sa panahon ng unang Iglesiang Kristiyana, ang kaloob ng pagsasalita ng wika ay laging usapin ng pagkalito at kontrobersiya. Dahil dito ay inilaan namin ang malaking bahagi ng pag-aaral na ito sa pagpapaliwanag kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa Spiritual na kaloob.

7. Papaano ipinangako ni Jesus ang pagtulong sa Kanyang mga alagad sa pagtuturo ng pabalita sa buong sanlibutan?

Marcos 16:17 *Mangagsasalita sila ng mga _____.*

PALIWANAG: Sa kasulatan, ang salitang "dila" ay nangangahulugan na "wika." Ang mga alagad ni Hesus ay matatalino, subalit karamihan ay hindi nagaral. Sa madaling salita upang matulungan silang mapalaganap ang aral sa sanlibutan, nangako si Hesus na bibigyan sila ng kakaibang kaloob ng pagsasalita ng ibang wika na hindi nila alam o napagalaran.

8. Ano ang nangyari sa mga alagad nang buhusan sila ng Banal na Espiritu?

Gawa 2:1, 4 *At nang dumating nga ang araw ng _____, ... silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng _____, ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain.*



PALIWANAG: Ang Pentecostes ay isang banal na araw ng mga Judio na ipinagdiriwang ng 50 araw pagkatapos ng paskua. Ang mga debotong Judio mula sa ibang lupain ay pumupunta sa Jerusalem upang sumamba. Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ibinigay ng Dios ang kaloob na Wika upang tulungan ang mga alagad sa pagbahagi ng pabalita sa mga tao sa kanilang mga salita. Ang mga naniwala ay dinadala ang mabuting balita pabalik sa kanilang mga bansa.

9. Ano ang naranasan ng dayuhang Judio nang binuhusan sila ng Banal na Espiritu?

Gawa 2:11 ... *ay nangaririnig nating _____ sila sa ating mga _____ ng mga makapangyarihang gawa ng Dios.*

PALIWANAG: Kung minsan ay iminumungkahi na ang kaloob ng pagsasalita ay “makalangit na wika” na nauunawaan lamang ng Dios o kaya ay ng may kaloob ng pagpapaliwanag. Malinaw na ipinakikita ng Biblia na ang mga alagad at ang mga nakikinig ay nakauunawa ng ipinahahayag-- “ang makapangyarihang gawa ng Dios.” Mayroon lamang tatlong halimbawa ng pagsasalita ng mga wika ang ibinigay ng kasulatan. Nakita na natin ang una; ngayon naman ang huling dalawang kaloob ay susuriin natin upang ating maunawaan.

10. Ano ang nangyari nang pangaralan ni Pedro si Cornelio at ang kanyang sambahayan?

Acts 10:44, 46 *Samantalang nagsasalita pa si Pedro ng mga salitang ito, ay bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nangakikinig ng salita. ... Sapagka't nangaririnig nilang nangagsalita ang mga ito ng mga wika, at _____ sa Dios.*



PALIWANAG: Si Cornelio ay mula sa angkanng Italiano (Gawa 10:1), samantalang si Pedro ay Judio na nagsasalita ng Aramaika. Sinasabi ng kasaysayan sa atin na ang alipin sa Romanong tahanan ay maaaring manggaling sa ibang panig ng sanlibutan. Sa ganitong tagpo, may pagkakaiba sa wika. Subali't ng dumating ang Espiritu Santo kay Cornelio at sa kanyang sambahayan, ang mga taong kasama ni Pedro ay nauunawaan ang kanilang mga sinasabi. Narinig nilang “itinataas ang pangalan ng Dios” sa kanilang salita. At nang ipabatid ang karanasang ito sa pinuno ng Iglesia sa Jerusalem, sinabi ni Pedro, “Ang Espiritu Santo ay bumaba sa kanila, tulad din sa amin nang pasimula.” Gawa 11:15. Si Cornelio at ang kanyang sambahayan ay tumanggap ng pagsasalita tulad din ng mga alagad sa araw ng Pascua. Sila'y nangagsasalita ng mga wikang nauunawaan.

11. Anong nangyari nang si Pablo ay nangaral sa 12 alagad na taga Efeso?

Gawa 19:6 ... *bumaba sa kanila ang Espiritu Santo; at sila'y nagsipagsalita ng mga wika, at _____.*

PALIWANAG: Si Pablo, na mataas ang pinag-aralan at higit na malawak na ang nalakbay kaysa sa ibang mga alagad ay nakapagsasalita ng maraming wika (1 Corinto 14:18). Nang ang Espiritu Santo ay bumaba sa 12 alagad na taga Efeso, si Pablo at si Lukas ay nakaunawa sa mga hula ng ibang wika na hindi nila nauunawaan noong una.

12. Ano ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagsasalita ng wika na hindi nauunawaan?

1 Corinto 14:9 ... *kung hindi ipinangungusap ninyo ng _____ ang mga salitang maunawaan, paanong matatalos ang inyong sinalita?*

1 Corinto 14:19 ... *ibig ko pang magsalita ng limang salita ng aking pagiisip, upang _____ naman ako sa iba, kaysa magsalita ng sampung libong salita na walang makaunawa.*

PALIWANAG: Palagiang itinaturo ni Pablo na ang layunin ng wika (salita) ay pakikipagugnayan o pagtuturo ng katotohanan. Ang salitang Griego para sa “di-alam” ay hindi matatagpuan sa orihinal na kasulatan; ito’y ibinigay lamang ng mga nagsalin ng Biblia upang ipahiwatig na ang wika ay hindi nauunawaan ng maraming nangaroroon.

13. Ano ang isa sa pangunahing likas ng matandang Babilonia?

Genesis 11:7, 9 *Halikayo! Tayo’y bumaba at diyan din ay ating _____ ang kanilang wika, na anopa’t sila _____ sa kanilang salit. ... Kaya ang pangalang itinawag ay _____.*

PALIWANAG: Ang tore ni Babel ang lugar na kung saan ang mga wika ng sanlibutan ay unangnatatag. Sa Hebreo ang salitang Babel at Babilonia ay “babel” na ang ibig sabihin ay pagkalito”. Sa Apok. 18, Tinawag ng Dios ang Kanyang bayan na lumbas sa Spiritual na Babilonia. Isa sa likas ng Espiritual na Babilonia ay ang pagkalito sa mga wika.

14. Pinupunan ba ng Espiritu ang mga taong sinasadya ang pagsuway sa kautusan ng Dios?

Juan 14:15-17 *Kung ako’y inyong iniibig, ay susundin ninyo ang Aking _____ . At ako’y dadalangan sa Ama, at kayo’y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, ... sa makatuwid baga’y ang Espiritu ng _____ .*
Gawa 5:32 *Ang Espiritu Santo, na siyang ibinigay ng Dios sa _____ sa kaniya.*

PALIWANAG: Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay hindi makatatahan sa taong tumatanggi sa pagsunod sa utos ng Dios.

15. Anong Espiritual na Kaloob ang dapat nating naisin, ayon kay Pablo?

1 Corinto 14:4,5 *Ang nagsasalita ng wika, ay nagpapatibay sa sarili; nguni’t ang nanghuhula ay nagpapatibay sa iglesia ... at lalong dakila ang _____ kaysa nagsasalita ng mga wika.*

I Corinto 14:12 ... *na yamang kayo’y magpagsikap sa mga kaloob na ayon sa espiritu ay pagsikapan ninyong kayo’y _____ sa ikatitibay ng _____.*

PALIWANAG: Sa kabila ng katotohanan na higit na pinahalagaan ni Pablo ang kaloob ng propesiya kaysa kaloob ng mga wika, may ilang nagtuturo na ang bawat napuspos ng Banal na Espiritu ay magsasalita ng iba’t-ibang wika. Sa 14 na aklat ng Bagong Tipan na sinulat ni Pablo, binanggit niya ang wika sa isa lamang—sa I Korinto. Tatlo lamang sa 27 aklat ng Bagong Tipan ang bumanggit ng pagsasalita ng mga wika.

16. Ano ang pangunahing dahilan kung bakit pinupuno ng Dios ang tao ng Kanyang Espiritu?

Gawa 1:8 *Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang _____ , pagdating sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo’y magiging mga _____ ko.*





Gawa 4:31 *At nangapuspos silang lahat ng Espiritu Santo, at kanilang sinalita na may _____ ang _____ ng Dios.*

PALIWANAG: Pinupuspos tayo ng Kanyang Espiritu upang bigyan tayo ng kapangyarihan sa ating pagiging mga saksi.

17. Masasabi ba natin kung ang isang tao ay pinuspos ng Banal na Espiritu?

Mateo 7:20 Kaya't sa kanilang mga _____ ay makikilala ninyo sila.

PALIWANAG: Malalaman natin ang taong nabautismuhan sa Banal na Espiritu, hindi sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu, kundi sa bunga ng Espiritu—pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagtitiis, kaamuan, kagandahang-loob, pananampalataya, kapakumbabaan, at pagpipigil (Galacia 5:22, 23).

18. Paano ako makatatanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu?

Lukas 11:13 Kung kayo nga, bagaman masasama ay marunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa _____ sa Kanya.

PALIWANAG: Kung saan si Jesus ay may Espiritung di masukat, kailangan nating lumapit sa Dios upang punan ang ating mga lalagyan nang umaapaw at dumadaloy, subali't kailangan muna nating isuko ang ating mga puso.



Ang Iyong Tugon

Si Jesus ay naghihintay at nagnanais na ibuhos ang mahalagang langis ng Banal na Espiritu sa iyong buhay. Nais mo bang hingin sa Kanya na angkinin Niya ang iyong isipan at puso?

TUGON: _____